

# Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado ng AACI (Notice of Privacy Practices o NOPP)

(408) 975-2730

2400 Moorpark Avenue, Suite 300/319  
San Jose, CA 95128

249 Story Road, Suite 50  
San Jose, CA 95122

## Iyong Impormasyon. Iyong Mga Karapatan. Aming Mga Responsibilidad.

Inilalarawan ng abisong ito kung paano posibleng gamitin at ihayag ng AACI ang iyong **Pinoprotektahang Impormasyon sa Kalusugan (Protected Health Information o PHI)**, at ang mga karapatan at pagpipilian mo tungkol sa iyong PHI. **Pakisuri itong mabuti at ipaalam sa amin kung mayroon kang anumang tanong.**

### Iyong Mga Karapatan

#### Mayroon kang karapatang:

- Kumuha ng kopya ng iyong medikal na talaan
- Hilingin sa amin na iwasto ang iyong medikal na talaan
- Humiling ng mga kumpidensyal na pakikipag-ugnayan
- Hilingin sa aming limitahan ang impormasyong ibinibahagi namin
- Kumuha ng listahan kung kanino namin ibinahagi ang iyong impormasyon
- Kumuha ng kopya ng abiso sa pagkapribadong ito
- Maghain ng karaingan kung sa palagay mo ay nilabag ang iyong mga karapatan sa ilalim ng abisong ito.

➤ **Tingnan ang pahina 2 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatang ito at kung paano gagamitin ang mga ito.**

### Iyong Mga Pagpipilian

#### Mayroon kang pagpipiliang:

- Ibahagi ang iyong impormasyon sa kapamilya at mga kaibigan
- Pumili ng isang taong kikilos para sa iyo
- Ibahagi ang iyong impormasyon sa isang sitwasyong pagbibigay ng tulong sa sakuna
- Hayaan kaming gamitin ang iyong impormasyon para ma-market ang aming mga serbisyo o mangalap ng mga pondo

➤ **Tingnan ang pahina 3 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pagpipiliang ito at kung paano gagamitin ang mga ito**

### Ang Aming Mga Paggamit at Paghahayag

#### Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon kung gagawin namin ang sumusunod:

- Gamutin ka
- Patakbuhan ang aming klinikang pangkalusugan
- Maningil para sa iyong mga serbisyo
- Tumulong sa mga isyu sa kalusugan ng publiko
- Magsaliksik
- Sumunod sa batas
- Tumugon sa mga kahilingan sa pag-donate ng organ at tissue
- Makipagtulungan sa isang medikal na tagasuri o direktor ng punerarya
- Tugunan ang mga kahilingan sa kabayaran ng mga

manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng pamahalaan

- Tumugon sa mga demanda at legal na pagkilos
- Kung hiniling ng VA/mga pagwawasto

➤ **Tingnan ang pahina 3 at 4 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga paggamit at paghahayag na ito**

B  
U  
O  
D

# Higit Pang Detalyadong Impormasyon

## Iyong Mga Karapatan

### Pagdating sa iyong impormasyon sa kalusugan, mayroon kang ilang partikular na karapatan.

Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang iyong mga karapatan at ang ilan sa aming mga responsibilidad para makatulong sa iyo. Mayroon kang karapatang:

#### Kumuha ng kopya ng iyong medikal na talaan

- Maaari mong hilinging makita o makakuha ng electronic o papel na kopya ng iyong medikal na talaan at iba pang impormasyon sa kalusugang mayroon kami tungkol sa iyo. Para gawin ito, magsumite ng kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat.
- Magbibigay kami ng kopya o buod ng iyong impormasyon sa kalusugan, na karaniwang nasa loob ng 30 araw ng iyong kahilingan. Maaari kaming maningil ng makatwirang bayarin na batay sa gastos.

#### Hilingin sa amin na iwasto ang iyong medikal na talaan

- Maaari mong hilingin sa amin na iwasto ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo na sa tingin mo ay mali o hindi kumpleto. Para gawin ito, magsumite ng kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat at magbigay ng dahilan.
- Maaaring “hindi” ang sagot namin sa iyong kahilingan, pero sasabihin namin sa iyo kung bakit sa pamamagitan ng pagsulat sa loob ng 60 araw.
- *Pakitandaan:* Hindi namin mababago ang impormasyong hindi kami ang gumawa.

#### Humiling ng mga kumpidensyal na pakikipag-ugnayan

- Maaari mong hilingin sa aming makipag-ugnayan sa iyo sa isang partikular na paraan (halimbawa, sa telepono sa bahay o tanggapan) o magpadala ng koreo sa ibang address.
- Sasagot kami ng “oo” sa lahat ng makatwirang kahilingan.

#### Hilingin sa aming limitahan ang impormasyong ibinibahagi namin

- Maaari mong hilingin sa aming huwag ibahagi ang ilang partikular na impormasyon sa kalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o sa aming mga pagpapatakbo. Hindi kami inaatasang sumang-ayon sa iyong kahilingan, at maaaring “hindi” ang isagot namin kung makakaapekto ito sa iyong pangangalaga.
- Kung babayaran mo ang isang serbisyo o item na para sa pangangalaga sa kalusugan mula sa sariling bulsa nang buo, maaari mong hilingin sa aming huwag ibahagi ang impormasyong iyon para sa layunin ng pagbabayad o aming mga pagpapatakbo sa taga-insure ng kalusugan mo. Sasagot kami ng “oo” maliban kung aatasan kami ng isang batas na ibahagi ang impormasyong iyon.

#### Kumuha ng listahan kung kanino namin ibinahagi ang impormasyon

- Maaari kang humiling ng listahan (accounting) ng mga pagkakataong ibinahagi namin ang iyong impormasyon sa kalusugan sa loob ng anim na taon bago ang petsang hiniling mo, kanino namin ito ibinahagi, at bakit.
- Isasama namin ang lahat ng paghahayag maliban para sa tungkol sa paggamot, pagbabayad, at mga pagpapatakbo para sa pangangalaga sa kalusugan, at ilang partikular na iba pang paghahayag (gaya ng anumang hiniling mong gawin namin). Magbibigay kami ng isang accounting bawat taon nang libre pero maniningil kami ng makatwirang bayaring batay sa gastos kung hihiling ka ng isa pa sa loob ng 12 buwan.

---

**Kumuha ng kopya ng abiso sa pagkapribadong ito**

- Maaari kang humiling ng papel na kopya ng abisong ito anumang oras. Makakakuha ka rin ng kopya mula sa aming website sa [www.aaci.org](http://www.aaci.org).

---

**Maghain ng karaingan kung pakiramdam mo ay nilabag ang iyong mga karapatan sa ilalim ng abisong ito**

- Maaari kang maghain ng karaingan kung sa palagay mo ay nilabag namin ang iyong mga karapatan sa ilalim ng abisong ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa pahina 1.
- Maaari ka ring maghain ng karaingan sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng U.S. sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201, pagtawag sa 1-877-696-6775, o pagbisita sa [www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/).
- Hindi ka namin gagantihan para sa paghahain ng karaingan.

## Iyong Mga Pagpipilian

Para sa ilang partikular na impormasyon sa kalusugan, dapat mong sabihin sa amin ang iyong mga pinili tungkol sa ibabahagi namin. Kung mayroon kang malinaw na kagustuhan para sa kung paano namin ibabahagi ang iyong impormasyon sa mga sitwasyong inilalarawan sa ibaba, pakisabi sa amin.

Sa mga kasong ito, mayroon kang pagpipiliang:

- Ibahagi ang iyong impormasyon sa kapamilya, mga kaibigan, o iba pang kasama sa iyong pangangalaga. *Dapat mo kaming bigyan ng pahintulot na gawin ito sa pamamagitan ng pagsulat, at itatabi namin ito sa file.*
- Pumili ng isang taong kikilos para sa iyo. *Kung binigyan mo ng medikal na power of attorney ang isang tao, o kung may isang taong legal na tagapag-alaga mo, maaaring gamitin ng taong iyon ang mga karapatan mo at gumawa ng mga pagpili tungkol sa iyong impormasyon sa kalusugan. Titiyakin naming may ganitong awtoridad ang tao at makakakilos siya para sa iyo bago kami magsagawa ng anumang pagkilos.*
- Ibahagi ang iyong impormasyon sa isang sitwasyong pagbibigay ng tulong sa sakuna. *Kung hindi mo masasabi sa amin ang iyong kagustuhan, halimbawa kung wala kang malay, maaari kaming magpatuloy at ibahagi ang iyong impormasyon kung naniniwala kaming pinakamakakabuti ito para sa iyo.*

Sa mga kasong ito, kami ay hindi kailanman magbabahagi ng iyong impormasyon maliban kung bibigyan mo muna kami ng pahintulot:

- Kapag nagma-market ng aming mga serbisyo
- Kapag nangangalap ng pondo  
*Kung nakipag-ugnayan kami sa iyo, maaari mong sabihin sa aming huwag nang makipag-ugnayan ulit sa iyo.*

## Ang Aming Mga Paggamit

### Paano namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan?

Karaniwan naming ginagamit o ibinabahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para gawin ang sumusunod (ang minimum na kinakailangang impormasyon lang ang ibinabahagi):

Gamutin ka

- Maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan at ibahagi ito sa ibang propesyonal na gumagamot sa iyo, nang internal at external, pati sa mga panahon ng emergency.

**Halimbawa:** Tinanong ng isang doktor na gumagamot sa iyo para sa isang pinsala ang isa pang doktor tungkol sa pangkalahatang kundisyon ng iyong kalusugan.

Patakbuhan ang aming klinikang pangkalusugan

- Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para mapatakbo ang aming gawain, pahusayin ang iyong pangangalaga, at makipag-ugnayan sa iyo kapag kinakailangan.

**Halimbawa:** Ginagamit namin ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo para pamahalaan ang iyong paggamot at mga serbisyo; para gumawa ng mga paalala sa appointment; at para sa mga pag-audit/pagsusuri sa programa.

**Maningil  
para sa  
iyong mga  
serbisyo**

- Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para maningil at kumuha ng mga bayad mula sa mga planong pangkalusugan o iba pang entity.

**Halimbawa:** Nagbibigay kami ng impormasyon tungkol sa iyo sa iyong plano ng insurance sa kalusugan para magbayad ito para sa mga serbisyo mo.

*ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

## Paano pa namin maaaring gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan?

Pinapahintulutan o inaatasan kaming ibahagi ang iyong impormasyon sa iba pang paraan – karaniwan sa mga paraang nakakapag-ambag sa kapakanan ng publiko, gaya ng kalusugan ng publiko at pananaliksik. Kailangan naming matugunan ang maraming kundisyon sa batas bago namin maibabahagi ang iyong impormasyon para sa mga layuning ito. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang: [www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html).

---

<b>Tumulong sa mga isyu sa kalusugan ng publiko</b>	<ul style="list-style-type: none"><li>· Maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo para sa ilang partikular na sitwasyon gaya ng:<ul style="list-style-type: none"><li>· Pagpigil sa sakit</li><li>· Pagtulong sa mga pag-recall ng produkto</li><li>· Pag-uulat ng mga hindi magandang reaksyon sa mga gamot</li></ul></li></ul>
<b>Magsaliksik</b>	<ul style="list-style-type: none"><li>· Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para sa pananaliksik sa kalusugan, pero pagkatapos lang ng pag-apruba ng Institutional Review Board (IRB) ng AACI na nagpapanatili sa mahihigpit na protokol sa pagkapribado.</li></ul>
<b>Sumunod sa batas</b>	<ul style="list-style-type: none"><li>· Magbabahagi kami ng impormasyon tungkol sa iyo kung kinakailangan ito ng mga batas ng estado o pederal na pamahalaan, kasama ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao kung gusto nitong makita na sumusunod kami sa mga batas sa pagkapribado ng pederal na pamahalaan.</li></ul>
<b>Tumugon sa mga kahilingan sa pag-donate ng organ at tissue</b>	<ul style="list-style-type: none"><li>· Maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa mga organisasyon ng procurement ng organ.</li></ul>
<b>Makipagtulungan sa isang medikal na tagasuri o direktor ng punerarya</b>	<ul style="list-style-type: none"><li>· Maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa kalusugan sa isang koroner, medikal na tagasuri, o direktor ng punerarya kapag namatay ang isang indibidwal.</li></ul>
<b>Tugunan ang mga kahilingan sa kabayaran ng mga manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng pamahalaan</b>	<ul style="list-style-type: none"><li>· Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo:<ul style="list-style-type: none"><li>· Para sa mga claim sa kabayaran ng mga manggagawa</li><li>· Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas halimbawa para tumugon sa isang search warrant, mag-ulat ng krimen sa aming mga lugar, o mag-ulat ng banta.</li><li>· Sa mga ahensyang nagbabantay sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinapahintulutan ng batas gaya ng mga pagsusuri</li><li>· Para sa mga espesyal na tungkulin ng pamahalaan gaya ng militar, pambansang seguridad, at para protektahan ang Presidente ng Estados Unidos.</li></ul></li></ul>
<b>Tumugon sa mga demanda at legal na pagkilos</b>	<ul style="list-style-type: none"><li>· Maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo bilang tugon sa isang utos ng hukuman o administratibong utos, o bilang tugon sa isang subpoena.</li></ul>
<b>Kung hiniling ng Departamento ng Mga Gawain ng Beterano</b>	<ul style="list-style-type: none"><li>· Kung ikaw ay miyembro o naging miyembro ng sandatahang lakas, maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo bilang tugon sa isang kahilingan ng Departamento ng Mga Gawain ng Beterano.</li></ul>
<b>Kung hiniling ng isang institusyon ng pagwawasto</b>	<ul style="list-style-type: none"><li>· Kung ikaw ay nasa isang kustodiya, maaari kaming magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo kapag hiniling ng isang institusyon ng pagwawasto o mga</li></ul>

---

opisyal na nagpapatupad ng batas.

### Ipinag-uutos na Pag-uulat

#### Pakitandaang inaatasan kami ng batas na mag-ulat kapag:

- Sinabi mo sa aming sasaktan mo ang sarili mo o ang ibang tao.
- Kung pinaghihinalaan naming may pag-abuso sa bata o nakatatanda/dependent na nasa hustong gulang.
- Kung iniulat mo sa isang medikal na practitioner ng pag-aalaga na may sugat ka o iba pang pisikal na pinsala na dahil sa pag-atake o pang-aabuso.
- Kung may makatuwirang paghihinala ang isang medikal na practitioner ng pag-aalaga na may sugat ka o iba pang pisikal na pinsala na dahil sa pag-atake o pang-aabuso.

### Isang Paalala sa Mga Serbisyo sa Kalusugan

#### Patungkol sa impormasyon sa psychotherapy at paggamot sa pag-abuso sa substance:

Mayroon kaming ilang partikular na obligasyon patungkol sa paggamit at paghahayag ng iyong impormasyon alinsunod sa dalawang batas pederal, ang Federal Confidentiality Law (42 C.F.R., Bahagi 2), at ang Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA, 45 C.F.R., Bahagi 160 at 164). Pinagbabawalan ng mga batas na ito ang aming programa sa paghahayag sa isang third party ng anumang impormasyong makakatukoy sa iyo bilang isang kalahok. Ang tanging pagbubukod mula rito ay kung inaatasan kami ng batas o regulasyong gawin ito.

Kung hiniling ang iyong impormasyon sa kalusugan ng pag-uugali:

- Dapat muna itong aprubahan sa pamamagitan ng pagsulat ng AACI. Kokonsultahin namin ang aming legal na abugadong tagapayo at tutukuyin kung kinakailangan ng paghahayag, at ang lawak ng paghahayag.
- Kadalasan, hihingi muna kami ng nakasulat na pahintulot mula sa iyo o sa iyong na kinatawan.

### Isang Paalala sa Electronic na Talaan ng Kalusugan

Ang "*Asian Americans for Community Involvement (AACI)* ay isang bahagi ng organisadong pagsasaayos para sa pangangalagang pangkalusugan na kinabibilangan ng mga kalahok sa OCHIN. Ang isang kasalukuyang listahan ng mga kalahok ng OCHIN ay available sa <http://www.ochin.org>. Bilang associate sa negosyo ng *Asian Americans for Community Involvement (AACI)*, nagbibigay ang OCHIN ng information technology at mga nauugnay na serbisyo sa *Asian Americans for Community Involvement (AACI)* at iba pang kalahok ng OCHIN. Nakikisali rin ang OCHIN sa mga aktibidad ng pagtatasa at pagpapahusay sa kalidad sa ngalan ng mga kalahok nito. Halimbawa, kinokoordina ng OCHIN ang mga aktibidad sa klinikal na pagsusuri sa ngalan ng mga kalahok na organisasyon para magtakda ng mga pamantayan sa pinakamahuhusay na kasanayan at ma-access ang mga klinikal na benepisyong posibleng makuha mula sa paggamit ng mga system ng electronic na talaan ng kalusugan. Tinutulungan din ng OCHIN ang mga kalahok na mag-collaborate para pahusayin ang pamamahala ng mga internal at external na referral ng pasyente. Ang iyong impormasyon sa kalusugan ay maaaring ibahagi ng *Asian Americans for Community Involvement (AACI)* sa iba pang kalahok ng OCHIN kapag kinakailangan para sa mga layuning pagpapatakbo para sa pangangalaga sa kalusugan ng organisadong pagsasaayos para sa pangangalagang pangkalusugan."

---

*Para sa higit pang impormasyon sa mga kasanayan sa pagkapribado ng AACI, makipag-ugnayan sa:*

*Para sa Sentrong Pangkalusugan:* Tagapamahala ng Pagpapahusay sa Kalidad, (408) 975-2763. Fax (408) 975-2745

*Para sa Kalusugan ng Pag-uugali:* Tagapamahala ng Pagpapahusay sa Kalidad, (408) 975-2730. Fax (408) 975-2745

*Para sa Mga Serbisyo ng Wellness:* Direktor ng Departamento ng Wellness, (408) 975-2730. Fax (408) 977-1146